Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pag-unawa sa Pabula, Kuwento, Tekstong Pang-impormasyon, at Usapan**

**I. PANUTO: Bilugan ang letra na tutugon sa inilalarawan sa bawat bilang.**

1. Ito ay kathang pampanitikan na naglalahad ng pangyayari. Ito ay maaaring kathang-isip o totoong pangyayari na may elementong tauhan, tagpuan, banghay, at tema o paksang diwa.
   a. Tula b. Kuwento c. Balita d. Lathalain
2. Ito ang kuwentong pambata na ang tauhan o mga tauhan ay ginagampanan ng mga hayop.
   a. Pabula b. Kuwentong bayan c. Alamat d. Kuwentong pantasya
3. Ito ang elemento ng kuwento kung saan ipinakikita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
   a. Paksa b. Banghay c. Tauhan d. Tagpuan
4. Ito ang nagsasagawa ng kilos, nagpapakita ng pag-uugali, at bumubuo ng tema ng kuwento.
   a. Tauhan b. Tagpuan c. Banghay d. Paksang diwa
5. Ito ang bahagi ng kuwento kung saan karaniwang ipinahahayag ng tauhan ang kaniyang ugali at motibo.
   a. Usapan b. Simula c. Wakas d. Banghay
6. Isa itong halimbawa ng teksto na naglalatag ng mga detalye o impormasyong totoong nangyari.
   a. Pabula b. Kuwento c. Usapan d. Tekstong impormatibo

**II. PANUTO: Basahin ang isang bahagi ng pabula pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.**

**Tagapagsalaysay:** Isang araw, sa pusod ng kagubatan, masayang naglalakad si Pilandok. Umaawit pa ito at kumakandirit. Maliit man ay hindi siya nangangamba kahit alam niyang maraming malalaking hayop ang gustong bumihag sa kaniya. Ipinagpatuloy niya ang masayang pag-awit nang walang ano-ano'y nakarinig siya ng malakas na ungol.

________7. Ano-ano ang maaaring maitanong sa bahaging ito?

I. Saan nangyari ang kuwento?
II. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
III. Ano ang damdamin ng tauhan sa bahaging ito?
IV. Bakit nagsasanay kumandirit at umawit ang tauhan?

a. Ang I, II, III ay tama at ang IV ay mali.
b. Ang II, III, IV ay tama at ang I ay mali.
c. Ang III, IV, I ay tama at ang II ay mali.
d. Ang IV, I, II ay tama at ang III ay mali.

________ 8. Anong katangian ang ipinakita ni Pilandok?

a. Masipag c. Masayahin
b. Mayabang d. Matatakutin

________ 9. Aling parirala ang maglalarawan sa tagpuan ng kuwento?

a. Isang araw, sa pusod ng kagubatan c. Masukal na gubat
b. Maraming malalaking hayop d. Malakas na ungol

________ 10. Anong mahalagang pangyayari ang susunod sa bahaging ito: Isang araw, sa pusod ng kagubatan, masayang naglalakad si Pilandok?

a. Umaawit pa ito at kumakandirit.
b. Ipinagpatuloy niya ang pag-awit habang naglalakad.
c. Walang ano-ano'y nakarinig siya ng malakas na ungol.
d. Hindi siya nangangamba kahit alam niyang maraming malalaking hayop ang gustong bumihag sa kaniya.